4

# Filipino

## Kwarter I – Modyul- I

## Wastong Gamit ng mga Pangngalan

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat upang magsilbing gabay para sa sariling pagkatuto at matulungang masanay na mabuti tungkol sa wastong paggamit ng mga pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid.

Ang modyul na ito ay may aralin na:

- Wastong gamit ng Pangngalang Pambalana at Pantangi.

Pagkatapos ng mga iba't ibang gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakagagamit ng wastong pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid.

## *Subukin*

Nagkaroon ng paligsahan sa paaralan ninyo. Sino kaya ang nanalo? Ano kaya ang natanggap ng kaibigan mo bilang premyo?

Alamin natin sa usapang mababasa. Kumpletuhin ito sa pamamagitan ng paglalagay ng angkop na pangngalan sa bawat pangungusap. Piliin sa kahon ang tamang sagot sa salitang nasa ibaba. Isulat ito sa iyong kwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| Bigkasan | G. Santos | Ina |
| mag-aaral | Marco | Tropeyo |

Lino: Panalo si 1.________________ sa timpalak ng 2.______________.

Nestor: Oo. Binigyan nga siya ng isang malaking 3.________________.

Lino: Tama si 4. _____________. Mahusay nga siyang 5._____________.

Nestor: Kaya nga gusto kong maging tulad niya.

| Aralin 1: | Wastong Gamit ng Pangngalan |
|---|---|

Ang **pangngalan** ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, gawa at pangyayari. Maari rin itong gamitin sa pagsasalita tugkol sa sarili at sa ibang tao sa paligid.

## *Balikan*

Basahin mo ang mga pangngalan sa ibaba. Isulat mo ito sa loob ng kahon ang may tamang kategorya ng pangngalan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Gunting | Catbalogan City | pinsan | Palawan | manok |
| Gng. Reyes | telebisyon | pulis | Katherine | leon |

| TAO | HAYOP |
|---|---|
| | |
| BAGAY | LUGAR O POOK |
| | |

## *Tuklasin*

Batay sa iyong isinagawang gawain, napag-alaman mo ang wastong gamit ng pangngalan.

Panuto: Isulat ang dalawang salita sa pangungusap na tumutukoy sa tiyak na pangngalan (pantangi) at di tiyak (pambalana) na matatagpuan sa hulihan ng pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Si Dr. Cruz ay isang magaling na manggagamot

   Pantangi: ___________
   Pambalana:__________

2. Ang San Juanico Bridge ay ang pinakamahabang tulay sa Pilipinas.

   Pantangi: ___________
   Pambalana:__________

3. Si Gng. Cruz ay isa sa pinakamagaling na guro sa Filipino 4.

   Pantangi: ___________
   Pambalana:__________

4. Ang Kalabaw ay tinaguriang pambansang hayop ng Pilipinas.

   Pantangi: ___________
   Pambalana:__________

5. Isa sa mga katangian ni Jose bilang bata ay ang pagiging magalang.

   Pantangi: ___________
   Pambalana:__________

## *Suriin*

Ang Pangngalan ay maaring uriin sa Pambalana at Pantangi.

**Pantangi** (tiyak) - ito ay uri ng Pangngalan na tumutukoy sa tiyak na pangalan ng tao, bagay, pook, gawa, at pangyayari. Nagsisimula ito sa malaking titik.

Halimbawa:
Tao: Aileen, Fe, Austria, Bb. Perez
Bagay: Gintong Pamana
Pook: Catbalogan City
Pangyayari: Samar Day, Araw ng Maynila, Araw ng Kalayaan

**Pambalana** (di tiyak) - ito ay tumutukoy sa karaniwang pangalan. Isinusulat ito sa malit na titik.

Halimbawa:
Tao: babae, guro, lalaki
Bagay: aklat, gunting, papel
Pook: kaarawan, paaralan,tindahan

## *Pagyamanin*

Gawain I

Pagkatapos mong basahin ang kuwento na nasa ibaba, ikaw ay inaasahang makagagamit ng wasto sa mga pangngalan at makapag-uuri sa mga ito kung ito ay pangngalan pantangi o pambalana. Isulat ang tamang sagot sa kwaderno.

## Ang Kampeon sa Kasipagan

Taga-Magallanes, Cavite sina Lolo. Lahat ng apat na anak nila ay doon isinilang ni Lola. Lahat ay nakatapos at may trabaho na. At lahat din ay sa Metro Manila naninirahan dahil naroon ang kanilang trabaho.

Tuwing bakasyon ay pumupunta kami sa Cavite. Lima kaming magpipinsan at tumitigil kami roon nang mga isang buwan. Kung minsan ay isinasama ako ni Lolo sa babuyan niya sa may dulong bakuran.

“Lolo, bakit po hindi umaamoy ang babuyan natin?” minsa’y tanong ko kay Lolo. “Kahit po ang babuyan ng ating mga kapitbahay, wala rin pong amoy.”

Walang amoy dahil sa biogas digesters. Doon  pumupunta ang mga dumi ng baboy. Ito ang nagbibigay ng methane gas na ginagamit natin sa pagluluto. Pati na sa generator at sa water pump,” tugon ni Lolo.

“Lolo, sino po ang nagturo niyan sa inyo?” tanong ko.

“May pumupunta ritong mga guro ng Home Economics. Tinuturuan ang mga tagarito. Pati na nga si Lola mo ay naturuan sa paggawa ng banana chips at ketsap at sa pag-imbak ng matamis na guyabano, kamatis, pipino, kayas, at santol,” nakatawang sabi ni Lolo.

“Hindi po ba kayo nahihirapan ni Lola?”

“Anong nahihirapan? Natutuwa nga kami at nalilibang na, kumikita pa kami. Wala sa gulang ang paggawa. At nagdudulot ng kaligayahan ang pagiging abala sa Gawain,” mahabang paliwanag ni Lolo.

O, sabi ko sa inyo, kampeon ang lolo at lola ko sa kasipagan.


Panuto: Magtala ng 5 pangngalan pantangi mula sa binasang kwento .
Isulat ito sa iyong kwaderno.

1.
2.
3.
4.
5.

**Gawain 2**

Piliin mo sa kahon ang mga salitang angkop na isulat sa Venn diagram kung ito ay pangngalang pantangi o pangngalang pambalana.

| | |
|---|---|
| bata | lolo |
| Gng. Cruz | Metro Manila |
| guro | |




Pambalana Pantangi



## *Isaisip*

- Ang pangngalang tiyak o tangi ay nagsisimula sa malaking titik. Tinatawag itong **pangngalang pantangi**.
- Ang karaniwang pangalan ay **pangngalang pambalana** o di tiyak. Isinusulat ito sa maliit na titik.

## *Isagawa*

Isulat mo sa patlang kung ang bawat pangngalan ay **Pantangi** o **Pambalana**.Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

______________1. Dr. Jose Rizal
______________2. baso
______________3. Tacloban City
______________4. Gng. Cruz
______________5. sabon
______________6. Catbalogan City
______________7. palengke
______________8. Araw ng Kagitingan
______________9. lapis
______________10.Lolo Ambo

## *Tayahin*

Suriin kung anong uri ng pangngalan ang sumusunod na salitang sinalungguhitan sa bawat pangungusap. Isulat ang pantangi kung ito ay tumutukoy sa tiyak na pangalan ng tao, bagay, hayop at pangyayari at pambalana naman kung hindi.


_______1. Nagsisimula ang edukasyon sa loob ng pamilya.
_______2. Sa Tsina ang pormal na edukasyon ay pinasimulan ni Confucius.
_______3. Sila rin ang nagsimula ng serbisyo sibil bilang katunayan ng pagtatapos ng isang mag-aaral.
_______4. Sa bansang Hapon ay may mataas na pagpapahalaga sa edukasyon.
_______5. Ang pinakatanyag na unibersidad sa banda ay University of Tokyo.

Punan ang mga detalyeng hinihingi tungkol sa iyong sarili. Isulat ito sa iyong kwaderno.

1. Pangalan: ___________________________
2. Address: ___________________________
3. Guro: ___________________________
4. Matalik na Kaibigan: ___________________
5. Paboritong hayop: _____________________

## *Karagdagang Gawain*

Matapos mong mapag-aralan ang pangngalan, subuking buuin ang crossword puzzle. Tignan natin kung talagang naunawaan mo kung paano isinusulat ang mga pangngalan. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.




| PAHALANG | | PABABA | |
|---|---|---|---|
| 3 | Araw ng kapanganakan ng isang tao | 1 | Kilalang boksingero at Kinatawan sa Senado |
| 5 | Summer Capital ng Pilipinas | 2 | Gumagabay sa mga bata sa paaralan upang matuto |
| 6 | Pananggalang ng mga paa sa init o lamig | 4 | Pambansang Bayani ng Pilipinas |
| 7 | Pambansang Wika ng Pilipinas | 9 | Hayop na sinasabing matalik na kaibigan ng tao |
| 8 | Sanggunian na ginagamit upang makakuha ng impormasyon | 5 | Uri ng anyong lupa na nagbubuga nang mainit at kumukulong putik |



## *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

1. Marco
2. bigkasan
3. tropeyo
4. G. Santos
5. mag-aaral

**BALIKAN**

| Tao | Hayop | Bagay | Lugar o Pook |
|---|---|---|---|
| -Gng. Reyes | -manok | -gunting | -Palawan |
| -pulis | -leon | -telebisyon | -Catbalogan City |
| -pinsan | | | |
| -Katherine | | | |

**TUKLASIN**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Pantangi: | Dr. Cruz |
| | Pambalana: | manggagamot |
| 2. | Pantangi: | San Juanico Bridge |
| | Pambalana: | tulay |
| 3. | Pantangi: | G. Cruz |
| | Pambalana: | guro |
| 4. | Pantangi: | Kalabaw |
| | Pambalana: | hayop |
| 5. | Pantangi: | Jose |
| | Pambalana: | bata |

**PAGYAMANIN**

**Gawain 2**

6. lolo
7. guro
8. bata
9. Gng. Cruz
10. Metro Manila

## ISAGAWA

1. Pangngalang Pantangi
2. Pangngalang Pambalana
3. Pangngalang Pantangi
4. Pangngalang Pantangi
5. Pangngalang Pambalana
6. Pangngalang Pantangi
7. Pangngalang Pambalana
8. Pangngalang Pantangi
9. Pangngalang Pambalana
10. Pangngalang Pantangi

## TAYAHIN

| | |
|---|---|
| 1. Pambalana | 6. ______________ |
| 2. Pantangi | 7. ______________ |
| 3. Pambalana | 8. ______________ |
| 4. Pantangi | 9. ______________ |
| 5. Pantangi | 10. ______________ |

## KARAGDAGANG GAWAIN

| PAHALANG | PABABA |
|---|---|
| 3. KAARAWAN | 1. PACQUIOA |
| 5. BAGUIO | 2. GURO |
| 6. TSINELAS | 4. RIZAL |
| 7. FILIPINO | 5. BULKAN |
| 8. AKLAT | 9. ASO |